Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2026-11

Date of Session : January 19, 2026

KAPASIYAHAN NA PINAGTITBAY ANG KAUTUSANG BARANGAY SA PAGLALAAN BLG. 001-2025 "KAUTUSANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG LABING WALONG MILYON SIYAM NA RAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO, ANIM NA RAAN, TATLUMPU'T ISANG PISO (₱18,969,631.00) UKOL SA TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2026 NG BARANGAY PRENZA 1, BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office		1/26/26
2	MPDO		1-26-26 2:07pm
3	Budget Ofc.		1/26/26
4	Brgy. Prenza 1		2/02/2026
5			
6			
7			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG ENERO 19, 2026

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

HINDI NAKADALO:

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre (On Leave)

KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 11

Sa pagtataguyod ni:
Kgg. Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG BARANGAY SA PAGLALAAN BLG. 001-2025 "KAUTUSANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG LABING WALONG MILYON SIYAM NA RAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO, ANIM NA RAAN, TATLUMPU'T ISANG PISO (₱18,969,631.00) UKOL SA TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2026 NG BARANGAY PRENZA I, BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 334 ng Republic Act Blg. 7160 o ang *Local Government Code of 1991*, tungkulin ng mga lokal na pamahalaan na tiyakin na ang taunang badyet ay inihahanda at ipinatutupad alinsunod sa itinakdang mga patakaran at alituntunin;

SAPAGKAT, ang Punong Barangay ng Barangay **Prenza I,** Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, **Kgg. Bayani P. Clemente** ay nagsumite sa Sangguniang Bayan ng Marilao ng *Kautusang Barangay sa Paglalaan Blg. 001, Serye ng 2025* na nagtatakda ng Taunang Badyet ng Barangay para sa Taong 2026, para sa kaukulang pag-aaral at pagpapatibay;

SAPAGKAT, ang Taunang Badyet ng Barangay ay may kalakip na Unang Pagpapatibay (*First Endorsement*) mula sa Local Finance Committee, bilang patunay na ito ay masusing napag-aralan, nasuri, at inirekomenda para sa pagpapatibay;

SAPAGKAT, ang nasabing Taunang Badyet ay isinasaalang-alang ang mga prayoridad na programa, proyekto, at gawain ng Barangay Prenza I na naglalayong itaguyod ang kaunlaran, kapakanan, at kaligtasan ng mga mamamayan;

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 11

SAPAGKAT, ang paglalaan ng pondo sa nasabing Taunang Badyet ay nakatuon sa mabisang paghahatid ng mga pangunahing serbisyo, pagpapaunlad ng komunidad, at pagpapalakas ng kakayahan ng pamahalaang barangay;

KUNG KAYA'T sa mungkahi ni Kasangguni Juanito H. Santiago na pinangalawahan ni Kgg. Divina E. Reyes at sinang-ayunan ng lahat na kasangguning dumalo.

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG BARANGAY SA PAGLALAAN BLG. 001-2025 "KAUTUSANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG LABING WALONG MILYON SIYAM NA RAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO, ANIM NA RAAN, TATLUMPU'T ISANG PISO (₱18,969,631.00) UKOL SA TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2026 NG BARANGAY PRENZA I, BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

IPINASIYA pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-19 ng Enero, taong 2026.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: 01-26-26

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo